# KAPIT

Dulang May Isang Yugto

***SYNOPSIS***

Isang 54 anyos na babae si Terry at 26 anyos naman si Ambet. Sa loob ng isang karaniwang kuwarto ang tagpo. Gaya ng isang ina, pinagsasabihan ni Terry si Ambet tungkol sa mga responsibilidad nito lalo pa't may anak na ang huli na magtatapos na ng kinder. Puno ng pag-aalala na uusisain ni Terry si Ambet tungkol sa plano nito sa buhay, anong trabaho, saan pag-aaralin ng elementary ang anak, at iba pa.

Pero mag-ina nga ba sina Terry at Ambet?

Sa daloy ng kanilang usapan tungkol sa namatay na anak ni Terry, lilitaw ang tunay nilang relasyon. Magsisiping ang dalawa at mababatid na isang bayarang lalake si Ambet. Habang iniaabot ni Terry ang bayad kay Ambet ay magpapaalam siya sa lalake. Bunga ng isang matinding dahilan na mas malakas pa ang kapit kaysa sa kapit sa kaniya ni Ambet, kailangang magwakas na ang kanilang relasyon.

**KAPIT**

Dulang May Isang Yugto

***TAGPUAN***

Isang kuwarto

***TAUHAN***

TERRY, 54 anyos

AMBET, 26 anyos

*Nakaupo sa kama si Ambet. Naka-shorts lang ito at tutok na tutok sa kaniyang laptop na nasa kaniyang hita.*

*Papasok ng kuwarto si Terry galing ng banyo, halatang bagong ligo. Biglang isasara ni Ambet ang kaniyang laptop.*

AMBET

Nakakagulat ka naman.

TERRY

Ano ba'ng ginagagawa mo?

AMBET

Nagko-computer.

TERRY

Facebook?

AMBET

Opo... Facebook.

TERRY

Facebook o X-tube? Panay porno na siguro laman ng laptop mo.

AMBET

Hindi a.

TERRY

Tigilan mo ko. Kaya ayaw kita ibili ng laptop -

AMBET

Ako naman bumili nito.

TERRY

Maayos pa naman iyong dati mo. Hindi ko alam kung bakit kailangan mo ng bago.

AMBET

Mababa na iyong memory. At saka mura ko lang ito nabili.

TERRY

Kahit na. Saan mo ba ginagamit iyan? Panay facebook ka lang naman o ano nga iyong nilalaro mo lagi? Dota ba 'yun? O kaya sa pagda-download ng -

AMBET

Mama talaga. Sungit mo ngayon.

TERRY

Iniisip ko lang iyong gastos mo.

AMBET

Hindi naman ako magastos, a.

TERRY

Ano'ng hindi magastos? Hindi ba gastos iyang laptop na bago na iyan? Inuuna mo pa iyan kesa sa pang-graduation ng anak mo.

AMBET

Meron pa naman akong naitabi.

TERRY

Ay, naku Ambet. Tatay ka na pero kung umasta ka para ka pa ring bata.

AMBET

Mukha pa rin akong bata, di ba? Cute nga e.

TERRY

Ewan ko sa iyo.

AMBET

Ang sungit talaga. Sobrang init ng ulo ng mama ko.

*Yayakapin si Terry at hahalikan sa pisngi.*

TERRY

Tigilan mo ako. Gusto kitang kausapin ng seryoso.

AMBET

Seryoso.

TERRY

Oo, seryoso.

AMBET

Okay. Seryoso na ako.

*Mauupo si Ambet sa isang gilid ng kama. Tuwid na tuwid ang upo na parang pinagalitang bata.*

TERRY

Seryoso ako, Ambet.

AMBET

Seryoso nga, o.

TERRY

Ano ba'ng plano mo?

AMBET

Saan?

TERRY

Sa anak mo.

AMBET

Wala. Ok naman siya, e. Graduating na nga ng kinder.

TERRY

Tapos?

AMBET

E, di elementary.

TERRY

Oo nga pero saan mo pagaaralin?

AMBET

Sa elementary school.

TERRY

Hindi ka makausap ng matino.

AMBET

Pwede ba sa La Salle Greenhills?

TERRY

Wala ka ngang trabaho tapos sa La Salle Greenhills?

AMBET

Tutulungan mo naman ako, di ba?

TERRY

Ayun! Kaya naman pala ang lakas ng loob kasi sa akin aasa.

AMBET

Tinatanong mo kasi.

TERRY

Ano ba talagang plano mo?

AMBET

Maghahanap ako ng trabaho. Ayoko munang isipin.

Katatanggal ko lang nga sa trabaho, e. Bakasyon muna.

TERRY

Katatanggal? Akala ko sabi mo nag-resign ka.

AMBET

Pareho din 'yun.

TERRY

Hindi pareho 'yun. Ang nag-resign kusang umalis. Ang tinanggal, nasisante. At para masisante, may dahilan.

Ano na naman ang ginawa mo?

AMBET

Ako agad ang may kasalanan?

TERRY

Sige, hindi ikaw ang may kasalanan. Ano'ng dahilan at natanggal ka?

AMBET

Napaaway ako.

TERRY

Napaaway?

AMBET

May nanira kasi sa akin.

*Hindi kikibo si Terry. Titingnan lang si Ambet. Naghihintay.*

AMBET

Nangungupit daw ako du'n sa grocery. Hindi daw nagbabalance lagi basta ako ang nasa cashier. Hindi ko

naman ginusto na ilagay ako sa cashier, e. Kinausap ko iyong nanira sa akin pagkatapos akong warningan ni Ma'am Agnes. Si Onat. Nakita mo na iyon. Iyong walang baba. E, nagkainitan. Tinatanggi pa kasi niya. Siya lang naman ang pwedeng nagtsutsu kay Ma'am Agnes. Ayaw umamin. Sinapak ko. Ayun.

TERRY

Bakit sinabi mo sa akin nag-resign ka?

AMBET

Iinit ang ulo mo, e.

TERRY

Uminit din naman ang ulo ko nu'ng sinabi mo na nag-resign ka, a.

AMBET

Pero hindi gaya ngayon, o.

TERRY

Ha?

AMBET

Iyong parang nagiging isa na lang ang kilay mo at parang hindi ka humihinga. Tapos nawawala iyong labi mo. Ma...

*Hindi kikibo si Terry. Magpapa-cute si Ambet.*

AMBET

Sayang sa lipstick.

TERRY

Pangilang trabaho mo na iyan, Ambet?

Hindi kikibo si Ambet.

TERRY

At gusto mo pa'ng pag-aralin ang anak mo sa La Salle?

AMBET

Tinatanong mo, e. Kahit saan naman pwede. Kung hindi du'n, sa iba na lang. Kung saan mura. Basta

makapag-aral. Hindi naman namimili iyong anak ko.

TERRY

Hindi kasi pwedeng lagi ka na lang nakaasa sa akin.

AMBET

Bakit? Nagsasabi lang naman ako sa iyo pag kailangan talaga, a.

TERRY

Ang problema lagi mong kailangan.

AMBET

Sabihin mo kasi kung ayaw mo. Hindi ako lalapit sa iyo.

TERRY

At kanino ka lalapit?

AMBET

Makakahanap ako ng paraan. Marunong naman akong dumsikarte.

TERRY

Ganu'n? Hahanap ka ng paraan. Diskarte? Parang di ko alam kung ano ibig sabihin ng diskarte mo.

AMBET

Ano'ng magagawa ko? E 'yun lang ang alam ko, e.

TERRY

Ang problema kasi sa iyo, lagi mo na lang dahilan na iyon lang ang alam mo. Na wala ka ng ibang alam gawin.

AMBET

Totoo naman. Kaya mo ako kinukulit tungkol sa kung saan mag-aaral ang anak ko kasi ang gusto mo talagang sabihin huwag siyang gumaya sa akin na hanggang elementary lang. Mag-eelementary pa lang si Miko. Problemahin mo pag mag-high school na.

TERRY

Kung umabot ng high school.

AMBET

Iyan ang hirap sa iyo, e. Wala kang tiwala sa akin.

TERRY

Tiwala? Nagpapatawa ka.

AMBET

Kitam.

TERRY

Paano kita pagkakatiwalaan? Ha? Sabihin mo nga.

AMBET

Hindi sinasabi iyon. Nararamdaman lang. Kahit ilang beses ko sabihin sa iyo na pagkatiwalaan mo ako kung di mo naman nararamdaman, wala akong magagawa.

TERRY

Nag-aalala lang ako sa iyo.

AMBET

Sus.

TERRY

Hindi mo ba nararamdaman iyon?

AMBET

Nararamdaman. Sobra nga, e. Nakakainit ng ulo.

TERRY

Intindihin mo din kasi ako.

AMBET

Naiintindihan din naman kita.

TERRY

Talaga?

AMBET

Huwag mo kasi akong problemahin.

*Hindi kikibo si Terry.*

AMBET

May pinagaapplyan ako na bagong trabaho.

TERRY

Saan?

AMBET

May bagong restaurant si Mama Alice. Iyong may-ari nung dati kong pinagtatrabahuhan. May bago daw siyang bubuksan next month. Kukunin akong waiter.

TERRY

Waiter?

AMBET

Oo.

TERRY

Kay Mama Alice?

AMBET

Oo.

*Hindi kikibo si Terry.*

AMBET

Ano na naman ang iniisip mo?

TERRY

May dapa't ba akong isipin?

AMBET

Wala.

TERRY

'Yun naman pala, e.

AMBET

Pero may iniisip ka pa din.

*Titingnan ni Terry si Ambet. Saglit.*

TERRY

Gusto mo bang habambuhay na lang na maging waiter?

AMBET

Wow! Nanay na nanay ang tanong, a.

TERRY

Ambet...

AMBET

Bakit ba kung anu-ano ang iniisip mo tungkol sa akin ngayon? Saan mag-aaral ang anak ko? Saan ako magtatrabaho? Ano'ng mangyayari sa akin? Mamamatay ka na ba?

*Sasampalin ni Terry si Ambet. Matitigilan si Ambet.*

TERRY

Sorry.

AMBET

Sakit 'yun, a.

TERRY

Sorry.

AMBET

Buti pa nga si Mama Alice binigyan ako ng trabaho.

TERRY

Pinasok kita ng trabaho dati. Hindi ka tumagal.

AMBET

Sa office mo? Messenger na kung utos-utusan akala mo -

TERRY

Isang order nga ng sisig. Pakikuha ako ng tubig.

Sabihin mo bilisan iyong chicharong bulaklak. Nasaan na

iyong beer? Huy, iyong chit. Ayaw mong utusan?

AMBET

Magkaiba iyon.

TERRY

Hindi ko alam paano nagkaiba. Sabihin mo nga.

AMBET

Basta magkaiba.

TERRY

Huwag mong sabihing buti pa si Mama Alice binigyan ka ng trabaho.

AMBET

Ako ang lumapit sa kaniya.

TERRY

Ang hirap kasi sa iyo kung kani-kanino ka kumakapit.

AMBET

Di ba ikaw ang nagsabi sa akin na ayaw mo na lumapit sa iyo kapag may problema ako.

TERRY

Ano'ng kapalit?

AMBET

Kapalit?

TERRY

Sa tulong sa iyo ng Mama Alice mo.

AMBET

Ang sama mong mag-isip, Ma.

TERRY

Wala?

AMBET

Gusto lang akong tulungan. Parang anak na ang turing sa akin nu'n.

TERRY

Hindi ako naniniwala.

AMBET

Bahala ka. Tanungin mo pa siya.

TERRY

Para namang magagawa kong kausapin 'yun.

AMBET

Kausapin mo para matigil na iyang kung anumang iniisip mo. Ayaw mo akong paniwalaan, e.

TERRY

Ang hirap mo kasing paniwalaan.

AMBET

Hindi naman ako marunong magsinungaling.

TERRY

Sa sinabi mong iyan, nagsinungaling ka na.

AMBET

Ibig kong sabihin hindi na ako marunong magsinungaling sa iyo.

TERRY

Talaga lang, ha.

AMBET

Iyon na namang dati? Iyong hindi ko sinabi agad sa iyo na nagka-anak ako.

TERRY

Oo. Mag-iisang taon na iyong anak mo bago mo sabihin sa akin. At hindi mo pa sasabihin kung hindi kita nahuli.

AMBET

Hanggang ngayon ba babalikan mo pa rin 'yan. Mageelementary na nga anak ko. Graduate na ng kinder.

TERRY

At iyong nanay ng anak mo?

AMBET

Hiwalay na nga kami. Hindi ko alam kung nasaan iyong tangnang iyon. Ang sama ng ugali. Parang hindi nanay. Iniwan na lang iyong anak sa akin.

TERRY

Sobra ka naman kung magsalita tungkol sa nanay ng anak mo.

AMBET

Totoo naman.

TERRY

Tangna talaga ano? Hindi man lang nagparamdam sa iyo kahit minsan.

AMBET

Oo.

TERRY

Hindi ka kasi marunong pumili ng babae, e.

AMBET

Oo nga.

TERRY

Inuuna mo kasi ang libog. Walang pukeng hindi ka

pinalalampas. Pero iyong babaeng iyon, matindi ang puke ano?

AMBET

Ma...

TERRY

Hindi mo alam kung nasaan pero ang tindi pa din ng kapit sa iyo.

AMBET

Hindi a.

TERRY

Sa sobrang tindi ng kapit, may picture pa nga kayo sa facebook. Kelan nga iyon? Nu'ng isang buwan?

AMBET

Wala, a. Tingnan mo pa.

*Kukunin ni Terry ang laptop. May isi-search. Ipapakita kay Ambet.*

AMBET

Dati pa iyan.

TERRY

Tangina kang sinungaling ka. Dati pa 'yan? E may picture kayo sa graduation ng anak mo.

*Matatahimik si Ambet.*

AMBET

Hindi ka kasi nagpunta e.

TERRY

Kasalanan ko pa. Aminin mo, kelan pa kayo nagkabalikan?

AMBET

Hindi kami nagkabalikan. Binisita lang niya ang anak niya. Nagmakaawa sa akin. Anak pa rin naman niya si Miko.

TERRY

Bakit kasi kailangan mong magsinungaling sa akin?

AMBET

Papagalitan mo ako, e.

TERRY

Para ka talagang bata.

AMBET

Nakakatakot ka kasi pag pinapagalitan mo ako.

TERRY

Nagkabalikan na nga kayo?

*Hindi kikibo si Ambet.*

TERRY

May trabaho ba?

AMBET

Wala.

TERRY

Kaya bumalik sa iyo. Iniwan na nung lalake niya?

AMBET

Oo.

TERRY

Tinanggap mo pa rin... Mahal mo ba?

AMBET

Nanay siya ni Miko.

TERRY

Ang tanong ko, mahal mo ba?

AMBET

Nanay nga siya ni Miko. Dapa't naiintindihan mo iyon.

*Hindi kikibo si Terry.*

AMBET

Naawa kasi ako. Hindi ko alam kung mahal ang tawag dun.

TERRY

Iniisip ko lang kung ano'ng mangyayari sa inyo.

AMBET

Huwag mo kasing isipin, Ma.

TERRY

Hindi pwedeng hindi ko isipin.

*Yayakapin ni Ambet si Terry.*

AMBET

Mahal talaga ako ni Ma.

TERRY

Tigilan mo nga ako.

*Hahalikan ni Ambet si Terry sa magkabilang pisngi.*

AMBET

Kaya mahal na mahal ko din ang mama ko e.

*Bibitiw si Terry.*

TERRY

Nanganak na pala si Tina.

AMBET

Talaga? Lalake?

TERRY

Oo. Kamukhang kamukha ni Tonton nu'ng baby pa.

AMBET

Paano?

TERRY

Iyong pisngi at saka mata. Kuhang kuha kay Tonton. Sabi nila kay Tina daw mana. Kunsabagay, magkamukhang-magkamukha naman talaga si Tina at ang kuya niya. Pero noong una kong nakita iyong baby. Si

Tonton talaga agad ang naalala ko.

AMBET

Ano'ng pangalan?

TERRY

Nicco Christian Antonio. Pangalan ng tatay, ng nanay at ni Tonton.

AMBET

Ang haba.

TERRY

Kung naabutan ni Tonton iyong baby, siya magiispoil sa anak ni Tina. Sigurado. Tuwang tuwa ang mga pamangkin niya sa pinsan kapag nakikipaglaro sa kanila si Tonton. Para kasing bata kahit nu'ng binata na.

AMBET

Siguradong magiging spoiled sa iyo si Nicco Christian Antonio. Ano nickname?

TERRY

Nicco.

AMBET

Malapit sa pangalan ng anak ko, a. Isang letter lang nag-iba.

TERRY

Oo.

AMBET

Tuwang tuwa siguro ang lolo.

TERRY

Syempre.

AMBET

E, ang lola.

TERRY

Oo.

AMBET

Bakit hindi ka mukhang masaya?

TERRY

Nakakalungkot kasi naalala ko si Tonton.

AMBET

Huwag ka nang malungkot. Sigurado ako masaya naman si Tonton -

TERRY

Ano'ng usapan natin?

AMBET

Hindi naman ako ang nagsimula, a.

TERRY

Kahit na.

AMBET

Ikaw ang nagbanggit sa panganay mo. Hindi ako.

TERRY

Pero ang usapan natin?

AMBET

Hindi pag-uusapan.

TERRY

Hindi 'yun.

AMBET

Hindi ko babanggitin ang pangalan niya.

*Titingnan ni Terry si Ambet. Mauupo si Terry sa kama. Pahihigain niya si Ambet sa kandungan niya.*

AMBET

Sorry.

TERRY

Kumusta ang school?

AMBET

Ayos lang.

TERRY

Pinaayos mo ba iyong motor mo?

AMBET

Opo.

TERRY

Ayoko kasi na nagmomotor ka.

AMBET

Mas madali kasi pag... pag pumapasok ako ng school.

TERRY

Dalawang sem ka na lang, graduate ka na.

AMBET

Opo.

*Yayakapin ni Terry si Ambet.*

TERRY

Magiingat ka lagi kapag nagmomotor ka, ha.

AMBET

Maingat naman ako.

TERRY

Madami akong nababalitaan na naaaksidente sa motor.

AMBET

Maingat nga ako.

TERRY

Hindi dapa't nauuna ang anak sa magulang.

AMBET

Hindi po ako maaaksidente. Si Mama talaga, o.

*Hahalikan ni Terry ang ulunan ni Ambet.*

TERRY

Basta magiingat ka lagi.

*Haharapin ni Ambet si Terry. Hahalikan ni Ambet si Terry sa labi.*

AMBET

Opo.

TERRY

Ambet.

*Patuloy na hahalikan ni Ambet si Terry sa labi hanggang sa leeg hanggang sa dibdib. Mapapahiga si Terry. Papatong si Ambet sa kaniya.*

AMBET

Ma.

TERRY

Ambet... Tonton...

*Magdidilim.*

*Sa pagliliwanag, nakahiga sa kama si Terry.*

*Nagbibihis si Ambet. Pinapanood siya ni Terry.*

AMBET

Bakit?

TERRY

Sinabi ko na sa asawa ko ang tungkol sa iyo.

AMBET

Ha? Bakit mo sinabi?

TERRY

Kailangan, e.

AMBET

Sa anak mo? Kay Tina?

TERRY

Hindi.

AMBET

Ano'ng sabi?

TERRY

Umiyak. Hindi naman niya magagawang magalit sa akin, e.

AMBET

Paano na ko?

TERRY

Sabi mo nga makakahanap ka ng paraan. Marunong kang dumsikarte.

AMBET

Ayaw mo na ba sa akin.

TERRY

Ayoko na ng ginagawa natin.

AMBET

Hindi ka ba nasarapan?

TERRY

Palagay mo?

AMBET

Ma naman.

TERRY

Huwag mo na rin akong tawaging Ma.

AMBET

Terry.

TERRY

Ano?

AMBET

Basta ganito na lang? Iiwan mo na lang ako sa ere?

TERRY

Hindi na tayo magsesex pero bibigyan na lang kita. Ng tulong. Hanggang kaya ko pa.

AMBET

Hanggang kelan kaya iyon?

TERRY

Hanggang hindi pa lumalaki ang gastos ko.

AMBET

Ang labo.

TERRY

Kaya nga tinatanong kita kanina kung ano ang plano mo. Ayokong iwan kita ng basta na lang. Na hindi ako sigurado kung ano ang mangyayari sa iyo. Na sana hindi hanggang ganiyan ka na lang. Kung kani-kanino kumakapit. Ayokong iwan kita na hindi mo mabubuhay ang anak mo. Sige, pati iyang babae mo. Hindi kasi kita talaga masusustentuhan ng matagal. Alam mo iyan. Kaya nga sa tagal na naging tayo, naiinis ako na hindi ka makatagal sa matinong trabaho. Pero huli na.

AMBET

Iiwan mo na talaga ako, ano?

TERRY

Walang choice, e.

AMBET

Meron. Pinili mo ang asawa mo.

TERRY

Syempre. Alangan namang ikaw ang piliin ko. Hindi mo maiintindihan.

*Kukunin ang bag niya sa tabi ng kama. Maglalabas ng pera. Iaabot kay Ambet.*

AMBET

Pagkatapos nito?

TERRY

Text mo ako. Hindi ako mangangako. Hanggang kaya ko pa.

*Aabutin ni Ambet ang pera. Titingnan ni Ambet si Terry ng matagal.*

AMBET

Bumalik?

TERRY

Oo.

AMBET

Hindi mo sinabi agad.

*Hindi kikibo si Terry.*

AMBET

Mawawala ulit iyan.

TERRY

Hindi mo naabutan nung malala pa ito. Nung nagkakilala tayo, maayos ako. Pero ngayon...

AMBET

Sasamahan kita. Aalagaan kita.

TERRY

Hindi mo nga maalagaan ang sarili mo.

AMBET

Ano ba?!

TERRY

Uy! Seryoso? Bakit? Mahal mo kasi ako?

AMBET

Ma -

TERRY

Terry.

*Tatabihan ni Ambet si Terry. Yayakapin ito.*

TERRY

Huwag kang madrama.

AMBET

Hindi ako nagdadrama.

TERRY

At least, magkikita na kami ni Tonton. Kaya hindi na kita kailangan.

AMBET

Terry. Gagaling ka ulit.

*Hindi kikibo si Terry. Yayakapin siya ng mahigpit ni Ambet.*

TERRY

Higpit ng kapit, a. Parang iyong sakit ko. Babye na.

*Hindi bibitiw si Ambet.*

TERRY

Stage four daw.

*Hihigpit lalo ang yakap ni Ambet.*

TERRY

Babye na… Babye na…

*Magdidilim.*